# ANG MAKABAGONG EDUKASYON SA MAKABAGONG PANAHON

*by:*
**Vicente P. Llaneta**

Ano nga ba ang Edukasyon sa makabagong panahon natin ngayon? Ito ay isang katanungan na sadyang napakahirap bigyan ng katugunan.Subalit sa patuloy na pag-ikot ng ating mundo,patuloy din ang mga pagbabagong nagaganap sa ating Sistema ng edukasyon.Sadyang napakaraming pagbabago na magaganap lalo na sa sekta ng edukasyon.Kinakailangan ng mga pagbabago na tutugon sa pangangailangan ng ating mga kabataan na nahirati na sa sistemang edukasyong pambahay na kung saan ang tumutulong sa kanila ay ang kani-kanilang mga magulang at tanging mga paalala lamang mula sa guro ang kanilang natatanggap mula sa kanilang mga guro.Sa makabagong Sistema ngayon,gumagawa pa rin ng ibang alternatibo ang gobyerno upang mas maihatid sa mga mag-aaral ang kanilang mga pangangailangan.Sa klaseng face-to-face,pinipilit ng gobyerno na maitawid ang mga batang hirap bumasa at sumulat upang mas mapagtuunan ito ng pansin ng gurong nagsisilbing bantay ng mga bata.Tinuturuan din sila ng tamang pagbilang upang mas mapadali ang gagawing pagtuturo sa susunod na taon.Sa mga nakalinyang programa ng gobyerno para sa mga bata,marami silang matututunan.Subalit ang tanong:Kaya ba ng guro na sundan ang plataporma na ito ng gobyerno?Sadyang napakahirap ng bagong propesiya na ito ng gobyerno subalit napakaganda ng kalalabasan kung maayos ang pagsasakatuparan nito ng mga guro sa kasalukuyan.Magiging madali ang paglalahad nito kung ang guro ay buong pusong tatalima sa pagbibigay nito sa mga bata.

Ang Kagawaran ng Edukasyon ay hindi nawawalan ng programa, patuloy itong nagsasagawa at nagtatguyod ng mga programa, upang ang mga bata ay patuloy na masumpongan at maging masigasig sa pag aaral kahit na may pandemya, kaya't ang mga

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

guro ay patuloy sa pagtutok sa kanilang mga mag – aaral. Lalo na ngaun na nagkaroon ng tinatawag na limited face-to-face ang ibang mga magulang at bata ay naging interesado sa pagbabalik eskwela. Dahil dito ang mga bata ay muling nabuhayan ng loob na magbalik eskwela. Bagama't ang ilang mga bata at magulang ay hindi pa rin umayon sa tinatawag na limited face-to-face. Pero patuloy sila sa pag aaral kahit na sa (ODL) Online Distance Learning at (MDL) Modular Distance Learning.

*References:*

Internet (Google)
The Modern Education of Today.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan